

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

PalayCheck[®]

Ito ay mabisang sistema ng pamamahala ng palay na nagpapakita ng pinakamagandang teknolohiya bilang **Key Check**; nagkukumpara sa pinakamagandang pamamaraan ng pagpapalay sa kasalukuyang pamamaraan ng magsasaka; at natututo sa pamamagitan ng sama-samang diskusyon ng mga magsasaka upang mapanatili ang mataas na ani, kita, at ligtas na kapaligiran.

Key Check 6



Naiwasan ang sobra o kulang na patubig na nakaaapekto sa paglaki at ani ng palay.

- Ang tubig ang nagdadala ng mahahalagang sustansiya mula sa lupa tungo sa iba't-ibang bahagi ng palay.
- Ang sapat na patubig ay nagreresulta sa maganda at malusog na tanim, magandang bulas, at normal na paglaki at mataas na ani.

Pagtataya ng Key Check

Walang palatandaan o sintomas ng sobra sa tubig ang makikita sa panahon ng pagdadahon, gaya ng kaunting suwi at makikitid na dahon. Sobra ang pagpapatubig kung ang bukid ay may tubig na may lalim na 5 sentimetro o mas malalim pa ng higit sa 7 araw.



Sobra sa tubig



Kulang sa tubig

Hindi dapat makakita ng sintomas ng kakulangan ng tubig sa panahon ng pagdadahon, gaya ng:

- pagbilot ng dahon
- pagkatuyo ng dulo ng dahon
- makitid na dahon
- bansot na tanim
- kakaunting suwi.

Hindi dapat kakitaan ng mga sintomas ng kakulangan sa tubig sa paglilihi hanggang paglalaman ng butil, gaya ng pagbi-bilot ng dahon, pagkatutyong dulo ng dahon, mahinang paglabas ng mga uhay, at maraming butil na walang laman.

Para sa mga 120-araw na binhi, ang paglilihi ay karaniwang nangyayari 40-45 ALT o 61-65 AST, at nahihinog 70-100 ALT o 91-120 AST. Malabato na ang yugto, isa hanggang dalawang linggo bago gumulang o anihin.

Mga Rekomendasyon Upang Makamit ang Key Check

1. Magkaroon ng 3-5 sentimetro (sm) na lalim ng tubig sa tuwing magpapatubig mula sa panahon ng pagsusuwi hanggang 1 o 2 linggo bago umani.

Ang pagpapanatili ng 3-5 sm na lalim ng tubig (halos kasing taas ng hinlalaki sa kamay) mula 10 ALT o 15 AST hanggang sa paggulang ng butil ay magbibigay ng kasiguraduhan na may sapat na tubig para sa maayos na paglaki at magandang ani ng palay. Gayon pa man, posibleng hindi maging sapat ang tubig-irigasyon upang panatilihin may tubig ang pinitak. Habang ang pagpapa-lubog ng pinitak sa partikular na lalim ay nakasugpo sa mga mga damo, ang lupa naman na mamasa-masa lang sa simula ng paglaki ng palay ay nakatu-tulong para hindi gaanong maka-libot at makapinsala ang mga kuhol.



Ang kontroladong pagpapatubig o controlled irrigation na hindi nakapagdudulot ng kakulangan o pagkasobra sa tubig o makaa-apekto sa pag-laki ng palay ay maaaring ipatupad para sa episyenteng paggamit ng tubig. Bago muling magpatubig sa ganitong sistema, ang taas ng tubig mula sa lupa na 5 sm ay hinahayaang bumalong ng hanggang 15 sm sa ibaba ng lupa sa tag-araw at 20 sm naman kung tag-ulan. Ito ay maaaring isagawa mula sa pagkalipat-tanim hanggang sa huling yugto ng pagsusuwi. Sa panahon ng pagsapaw o pamumulaklak, ay panati-lihing 3-5 sm ang lalim ng tubig.

Para malaman ang lalim ng *perched water table*, ibaon sa bukid ang 20 sm ng tubo o kawayang may habang 30 sm. Lagyan ito ng mga butas bago ibaon.

2. Patuyuan o huwag nang magpatubig 1-2 linggo bago umani. Para sa mga medyo pinong lupa (galas), magpatuyo 1 linggo bago mag-ani. Para naman sa lupang pino (lagkitin), magpatuyo 2 linggo bago mag-ani..

Ito ay magbibigay ng kasiguruhan na may sapat na tubig pa sa lupa upang mahusto ang paglalaman ng mga butil at mapadadali rin ang mga operasyon ng pag-aani. Makatutulong din ito upang masigurado ang mas magandang mga butil, at hindi matalam-sikan ng putik at tubig ang mga butil.